International Theatre Institute ITI
World Organization for the Performing Arts
UNESCO, 1 Rue Miollis, FR-75732 Paris Cedex 15
info@iti-worldwide.org / www.iti-worldwide.org

Filipino
Salin ni: Brenda Jean Postrero

Pandaigdigang Mensahe

Ikinararangal ko na mahilingan ng International Theatre Institute (ITI) sa UNESCO na magbigay ng pagbati na ito bilang paggunita sa ika-50 anibersaryo ng Pandaigdigang Araw ng Teatro (World Theatre Day). Nais kong ipaabot ang aking maikling mensahe sa mga kapwa ko manggagawa, kasamahan at kaibigan.
Nawa'y maging orihinal at nakapanghihikayat ang inyong mga *obra*. Nawa'y maging malalim ang mga ito, makaantig-damdamin, makapukaw-isip at kakaiba. Nawa'y makatulong ito sa atin na mapagnilay-nilayan ang kabuluhan ng pagiging isang tao, at nawa'y mabiyayaan ang pagninilay na iyon ng pagmamahal, katapatan, katotohanan at panghalina. Nawa'y malampasan ninyo ang mga kahirapan, malunasan ang mga kakulangan, malusutan ang panunuri at *nihilism,* gaya ng kailangang gawin ng karamihan sa inyo. Nawa'y mabiyayaan kayo ng galing at rubdob na ipaunawa sa amin ang buhay at ang lahat ng kasalimuotang kinapapalooban nito, mabiyayaan din sana kayo ng kababaang-loob at ng pagkakaroon ng kasabikang tuklasin ito at gawin itong misyon sa buhay at nawa'y ang mahuhusay sa inyo – sapagkat tanging ang mahuhusay lamang sa inyo – sa bihira at maikling panahon - ang magtatagumpay sa paglalarawan ng pinakapangunahing katanungan sa buhay na "paano ba tayo mamuhay?" – Pagpalain kayo ng Diyos.

-**John Malkovich**

JLS/EBE/brenda